

Survey para sa mga Imigrante sa Rehiyon ng Saint John – Liham ng Impormasyon at Pahintulot

Malaki ang naitutulong ng mga imigrante sa pagbuo ng Rehiyon ng Saint John bilang isang bukás at masiglang komunidad, at nais naming marinig ang inyong mga karanasan. Layunin ng survey na ito na malaman kung ano ang gumagana nang maayos sa rehiyon at kung ano pa ang maaaring mapabuti upang mas maging madali ang paninirahan sa komunidad. Ang mga resulta ay gagamitin ng Saint John Local Immigration Partnership (SJLIP) at ng mga katuwang nito upang mapahusay ang mga serbisyo para sa mga bagong dating sa buong rehiyon.

Ang survey na ito ay para sa lahat ng imigrante, edad 16 pataas na naninirahan sa Rehiyon ng Saint John (kabilang ang Saint John, Quispamsis, Rothesay, Hampton, Grand Bay-Westfield, Fundy-St. Martins, at Fundy Rural District). Kabilang dito ang sinumang ipinanganak sa labas ng Canada na kasalukuyang naninirahan, nagtatrabaho, o nag-aaral sa rehiyon—kabilang ang mga permanenteng residente, mamamayang Canadian, refugee, pansamantalang residente, refugee claimants, at international students. Inaanyayahan namin ang parehong mga bagong dating at ang matagal nang naninirahan dito. Mahalaga ang bawat pananaw.

Ang pananaliksik na ito ay isinasagawa ng SJLIP—isang grupo ng mga miyembro ng komunidad at mga organisasyon na nagtutulungan upang gawing mas inklusibo at magiliw ang komunidad para sa lahat ng bagong dating. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:

<https://newtosaintjohn.ca/saint-john-region-new-brunswick/saint-john-local-immigration-partnership>

Ang SJLIP ay pinopondohan ng Immigration, Refugees and Citizenship Canada at ng Pamahalaan ng New Brunswick.

Personal na Impormasyon

Hindi kinakailangang ibigay ang iyong pangalan upang makasagot sa survey. Ang survey ay binubuo ng mga multiple-choice na tanong, mga maikling sagot tungkol sa iyong opinyon, at ilang tanong tungkol sa demograpikong impormasyon.

Pagkatapos makumpleto ang survey, maaari kang sumali sa raffle para sa premyo. Kung ibibigay mo ang iyong pangalan, hindi ito iuugnay sa iyong mga sagot at gagamitin lamang para sa raffle.

Ang mga premyo ay limang (5) \$50 gift certificate mula sa Walmart. Batay sa target na 500 kalahok, tinatayang 1 sa bawat 100 ang tsansa na manalo.

Maaari mo ring iwan ang iyong pangalan kung nais mong makilahok sa mga susunod pang pananaliksik ng SJLIP. Ang impormasyong ito ay hindi iuugnay sa iyong mga sagot at gagamitin lamang upang makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa mga susunod na oportunidad. Maaari mong bawiin ang pahintulot anumang oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa SJLIP.

Ang pagsali sa survey ay boluntaryo. Maaari mong laktawan ang anumang tanong o ihinto ang survey anumang oras. Gayunpaman, kapag naisumite mo na ang iyong mga sagot, hindi na ito maaaring bawiin dahil hindi na ito maihihiwalay sa iba pang datos.

Mga Online na Survey

Aabutin ng humigit-kumulang 20 minuto upang makumpleto ang survey. Kokolektahin ang mga sagot gamit ang Zoho Survey software. Dahil ito ay online, hindi ganap na masisiguro ang kumpidensyalidad. Ang mga sagot ay buburahin mula sa Zoho 12 buwan matapos ang pangangalap ng datos.

Survey sa Telepono o Papel

Kung nais mong sumagot sa pamamagitan ng telepono o papel, makipag-ugnayan kay: Kathryn Melvin (SJLIP Project Manager, Envision Saint John) kathryn.melvin@envisionsaintjohn.com o pagtawag 1-506-658-2877 ext 125.

Pamamahala ng Datos

Ang survey ay gumagamit ng Zoho Survey, at ang lahat ng datos ay iniimbak sa mga server sa Canada. Kapag na-download na, ang datos ay itatago sa isang password-protected na Excel file. Tanging ang mga mananaliksik ng SJLIP at ang mga may kasunduan sa pagbabahagi ng datos ang magkakaroon ng access. Target naming makakuha ng 500 kalahok. Ang lahat ng tugon ay mananatiling anonymous at gagamitin sa mga ulat at presentasyon na ilalathala sa:

www.newtosaintjohn.ca/immigrant-survey

Ang nakalap na datos ay maaari ring gamitin sa mga susunod na pag-aaral, ngunit walang personal na impormasyong makakapagpakilala sa mga kalahok ang ibabahagi. Ang lahat ng resulta ay iuulat sa pangkalahatang anyo lamang.

Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa raffle o sa mga susunod na pananaliksik ay itatago nang hiwalay at hindi ikakabit sa mga sagot sa survey.

Mga Benepisyo, Panganib, at Suporta

Ang pagsali sa survey ay nagbibigay ng pagkakataon na makaapekto sa pagpapabuti ng mga serbisyo at patakaran para sa mga imigrante sa lokal, panlalawigan, at pederal na antas.

Walang inaasahang malaking panganib sa pagsali sa survey na ito.

Maaaring makaramdam ng emosyonal na reaksyon ang ilang kalahok habang sinasagot ang survey. Kung kailangan mo ng suporta, maaari kang tumawag sa Provincial Mental Health and Addictions Helpline: 1-866-355-5550

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Para sa mga katanungan tungkol sa survey o sa iyong mga karapatan bilang kalahok, makipag-ugnayan kay:

Kathryn Melvin

Project Manager

Saint John Local Immigration Partnership

kathryn.melvin@envisionsaintjohn.com

1-506-658-2877 ext 125

Ang proyektong ito ay sinuri at inaprubahan ng Lupon sa Etika ng Pananaliksik sa Komunidad. Kung sa palagay mo ay hindi ka inatrato alinsunod sa mga paglalarawan sa aming impormasyon, o nilabag ang iyong mga karapatan bilang kalahok sa pananaliksik sa proyektong ito, maaari mong kontakin ang Tagapangulo ng Lupon sa Etika ng Pananaliksik sa Komunidad sa: Sentro para sa Pananaliksik na Nakabatay sa Komunidad | Para sa pansin ng: Tanggapan ng Etika sa Pananaliksik sa Komunidad | c/o Conrad Grebel University College | 140 Westmount Road North, Waterloo ON N2L3G5 o sa pamamagitan ng email: creoadmin@communityresearchethics.com